REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 92-22

**KAPASIYAHAN NA INAAMYENDAHAN ANG KAPASIYAHAN 92-19 UPANG MAPABILANG ANG PANSAMANTALANG TAGA-PANGASIWA GINOONG FLORENCIO G. CIRIACO SA MGA MAAARING LUMAGDA SA DEPOSITORY ACCOUNT NA IMIMINTINA NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PHILIPPINE NATIONAL BANK.**

****************************************************************

**Ipinanukala nina:** **Pang. Punongbayan Jaime R. Fresnedi**
**Kon. Roger C. Smith**
**Kon. Rufino B. Joaquin**

****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagpatibay ng Kapasiyahan Bilang 92-19 kung saan isinasaad na ang Punongbayan Ignacio R. Bunye at ang Ingat-Yaman Eduardo A. Alon ang maaaring lumagda sa depository account ng pamahalaang lokal sa PNB;

**SAPAGKAT,** mayroong pagkakataon na ang Punongbayan ay hindi makaganap ng kanyang tungkulin ng paksang nabanggit kapag siya ay nasa ibang bayan o sa labas ng hurisdiksiyon ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKAT,** upang maiwasan ang pagkabalam ng mga transaksyon o gawaing pambayan karapat-dapat lamang na mayroong isa sa opisyal ng pamahalaang bayan na siyang lalagda at gaganap sa tungkuling tinatalakay sa itaas;

**SAPAGKAT,** bilang pansamantalang Tagapangasiwa, si Ginoong Florencio G. Ciriaco ay may katauhan at legal na personalidad upang kumatawan sa Punongbayan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na amyendahan ang Kapasiyahan Bilang 92-19 upang mapabilang ang pansamantalang taga-pangasiwa Ginoong Florencio G. Ciriaco sa mga maaaring lumagda sa depository account na imimintina ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa Philippine National Bank.

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 92-22

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-17th regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Nobyembre, 1992 sa Session Hall ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

**PINATOTOHANAN:**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**
**Pansamantalang Tagapangulo**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**
**(Di Sang-ayon)**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. REY B. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. ALBEJANDRO L.MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Kagawad**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**
**(Di Sang-ayon)**

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pansamantalang Punongbayan**